ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# AKAP: Grapikong Babasahin bilang Alternatibong Kagamitan sa Pagtuturo ng Kasanayan sa Pagbasa

Alain Joe P. Cañas[1], Arcris Jay L. Magpantay[2]*, Maria Lyn B. Triño[3], Fatima Jane A. Ynacay[4], Dr. Joy S.B. Gaza[5]
[1, 2, 3, 4, 5] University of Nueva Caceres, Naga City, Philippines
Corresponding Author e-mail: *arcrisjay.magpantay@unc.edu.ph*

**Received**: 04 September 2024 **Revised**: 07 October 2024 **Accepted**: 08 October 2024

**Available Online**: 08 October 2024

**Volume III (2024), Issue 4, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

***Abstrak***

**Layunin:** Pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ang masiyasat ang implikasyon ng resulta *ng Rapid Literacy Assessment (RLA)* sa 30 mag-aaral sa baitang 7 ng Pambansang Paaralang Pansekondarya ng Carolina sa kalagayang pangkasanayan sa pagbasa, gayundin ang mga salik na nakakaapekto rito. Batay sa datos na ito, tunguhin din ng pag-aaral na makabuo ng isang alternatibong kagamitan na tutugon sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Metodolohiya:** Kinasangkapan sa pag-aaral na ito ang disenyong descriptive developmental pati na rin ang modelong ADDIE o analisis, disenyo, debelopment, implementasyon, at ebalwasyon. Gayunpaman, dahil sa maikling panahong itinalaga para sa proyekto, tanging ang analisis, disenyo, at debelopment ang naisagawa.

**Resulta:**Batay sa resulta ng RLA, karamihan sa mga mag-aaral ay nasa antas na *established* at *emerging*. Kung gayon, karamihan din sa kanila ang may sapat ng kakayahan sa pagbasa. Sa kabilang banda, may ilan pa ring nasa antas na *coping* na nangangahulugang mayroon pa ring mga mag-aaral na nangangailangan ng paglinang sa pagbasa. Bukod dito, napag-alaman din na nangunguna ang personal na aspekto tulad ng kawalan ng interes sa pagbabasa at ibang prayoridad sa mga salik nakaaapekto sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Sinundan naman ito ng mga pangkapaligirang aspekto katulad ng hindi kaaya-ayang lugar sa pagkatuto, kakulangan sa paggabay, at ibang gawaing nakaatas sa mga mag-aaral. Batay rin sa mga tugon ng mga respondente, hindi gaanong nakaapekto ang kagamitang aspekto tulad ng kakulangan sa babasahin at suplementaryong panteknolohiya. Upang matugunan ito, nilikha ng mga mananaliksik ang "AKAP: Alternatibong Kagamitan sa Pag-Agapay sa Pagbasa" na binubuo ng mga babasahing halaw sa *Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI)* ng Kagawaran ng Edukasyon. Kinapalooban din ito ng mga gawaing pampagsasanay na nakapokus sa palabigkasan, kamalayang ponolohikal, katatasan, bokabularyo, at komprehensyon. Ipinasuri ang nabuong kagamitan sa dalawang dalubguro sa Filipino at isang guro sa *Information and Communication Technology (ICT)* batay sa *Learning Resource Management & Development System (LRMDS)* ng Kagawaran ng Edukasyon. Batay sa ebalwasyon, "labis na katanggap-tanggap" ang AKAP batay sa pamantayang *Content* (Nilalaman), *Format* (Pormat), *Presentation & Organisasyon* (Presentasyon at Organisasyon), *Accurateness and Up-to-dateness of the Information* (Pagiging Wasto at Napapanahon ng mga Impormasyon).

**Kongklusyon:** Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, mahihinuhang iba't iba ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa bagamat nasa iisang baitang ito. Umiiral pa rin ang mababang antas sa pagbasa sa mga mag-aaral na nasa antas sekondarya. Bukod dito, umiiral din ang iba't ibang aspekto na nagiging salik sa kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Kung gayon, iminumungkahi ang pagkakaroon ng inisyatiba ng mga paaralan sa patuloy pagsasagawa ng ebalwasyon sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral bilang mahalagang bahagi ng kanilang literasi. Katulad din ng AKAP, kinakailangan din ang pagsasagawa ng mga paaralan ng lokal na programang interbensyon batay sa mga napag-alamang hamon sa pagbasa ng kanilang mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, mas magiging kontekstwalisado ang programa at kagamitang mabubuo dahil nakaayon sa partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral. Iminumungkahi rin ang pagsasagawa ng implementasyon sa AKAP upang masiyasat ang kabisaan nito bilang isang alternatibong kagamitan sa pagbasa.

***Mga Susing Salita:*** *Rapid Literacy Assessment (RLA*), Pagbasa, Alternatibong Kagamitan



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**INTRODUKSIYON**

Ang pagbabasa ang ina ng lahat ng kasanayan pag aaral. Isang itong mahalagang kasangkapan sa pagkatuto.Mahalaga ang papel nito sa akademya at may epekto ng impluwensya sa pag-aaral. Lubos na kailangan ang kasanayang ito dahil tumutulong ito sa mag-aaral na matutuhan kung paano gamitin ang wika upang magkaroon ng kahulugan ang mga salita. Pinapabuti nito ang kanilang bokabularyo, mga kasanayan sa pagproseso ng impormasyon at pag-unawa. Isang armas ang pagbabasa laban sa kamangmangan.

Sa kabilang banda, mula sa ulat ng World Bank noong 2022 patungkol sa learning poverty nakasaad na humigit-kumulang 90% ng mga batang Pilipino na nasa edad 10 ay nahihirapang bumasa, gayundin ang umunawa ng mga payak na teksto. Idinagdag pa na bago pa man ang pandemya, 70% na ng mga Pilipinong mag-aaral ang nakararanas ng learning poverty. Sumasang-ayon din dito ang pagsusuring isinagawa nina Lucas et al. (2021) sa naging resulta ng ebalwasyon ng Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2018. Sa pagtatayang ito lumabas na nahuhuli ang mga Pilipinong mag-aaral na may edad labinglima sa kasanayan sa pagbasa. Binigyang-diin sa analisis na ito na 80% ng mga Pilipinong mag-aaral na lumahok ay nasa ikalawang lebel lamang ang kasanayan sa pagbasa, samantalang ang humigit kumulang 19% naman ay hindi umabot dito. Tumutugma rin ito sa resulta ng pag-aaral na isinagawa nina Idulog et al. (2023) na nagsaad na bagamat marami ng programang pang-edukasyon ang isinagawa upang makatulong sa pagpapaunlad ng literasi sa pagbasa ng mga Pilipinong mag-aaral, panghuli pa rin ang Pilipinas sa 79 na bansang lumahok sa ebalwasyon. Nakita ng mga mananaliksik bilang isang pangunahing salik ang hindi sapat ang mga naturang programa upang matugunan ang hamong ito. Binigyang diin din na maaaring mayroong mga puwang sa sistemang pang-edukasyon ng bansa kung kaya't umiiral pa rin ang suliranin sa literasi ng mga mag-aaral. Bukod dito, napatunayan din sa isinagawang pag-aaral nina Tomas et al.. (2021) patungkol sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral mula una hanggang ikapitong baitang sa kalakhang Aurora. Lumabas sa malawakang pag-aaral na ito na nasa *frustration level* lamang ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral na nabanggit. Dahil dito, nagmungkahi ang mga mananaliksik ng pagsasagawa ng mga pampaaralang programa upang malinang ang pagbasa ng mag-aaral sa kontekstuwalisadong paraan.

Mula sa mga kaugnay na pananaliksik at literatura, nabigyang-diin na hindi nagiging mabisa ang mga programang pang-edukasyon sa bansa para sa pagpapaunlad ng literasi ng mga mag-aaral. Napatunayan ito ng resulta ng mga pandaigdigang pagtataya tulad ng PISA. Bukod dito, karamihan din sa mga pananaliksik ay nakatuon sa higit na malawak na saklaw kung kaya't walang gaanong pokus sa mas maliliit na yunit at sa higit na espisipikong mga suliranin sa bawat paaralan. Nangangahulugan ito ng pangangailangan sa higit na kontekstwalisadong pagtataya sa kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral upang makapagpanukala ng higit na kontekstwalisadong programa habang isinasaalang-alang ang mga partikular na aspekto.

Bilang pagtugon, tunguhin ng pananaliksik na ito na maunawaan ang implikasyon ng nakuhang datos patungkol sa kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng Pambansang Paaralang Pansekondarya ng Carolina sa Lungsod ng Naga. Batay sa datos na ito, layunin din ng pag-aaral na makabuo ng mga grapikong kagamitan na maaaring maging kasangkapan sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Makabuluhan ang resulta ng pananaliksik na ito upang higit na masiyasat ng kaguruan gayundin ng pamunuan ng paaralan ang kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral kaugnay ng pagbasa. Bukod dito, magsisilbing gabay rin ito sa produksiyon ng mga makabagong kasangkapang mabisang magagamit sa pagpapa-unlad ng literasi ng mga Pilipinong mag-aaral.

**Layunin**

Pangunahing layunin ng proyektong pananaliksik na ito ang makabuo ng mga grapikong babasahin bilang alternatibong kagamitan sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Bukod dito, tunguhin din nitong matugunan ang mga sumusunod:

1. Ano ang implikasyon ng nakuhang datos mula sa resulta ng Rapid Literacy Assessment (RLA) sa kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa?
2. Anong alternatibong kagamitan ang mabubuo tungo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral?
3. Ano ang resulta ng ebalwasyon sa nabuong alternatibong kagamitan?


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang pamamaraang Descriptive Developmental habang ginagabayan ng modelong ADDIE upang matiyak ang pagiging sistematiko ng proyekto. Ayon sa artikulo ni Peck (2024), pinasimulan ang balangkas ng Florida State University noong 1970. Kinabibilangan ito ng analisis, disenyo, debelopment, implementasyon, at ebalwasyon. Nakapaloob sa analisis ang pagsusuri sa implikasyon ng nakuhang datos patungkol sa kalagayang pangkasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral upang malaman ang mga aspektong kailangan ng pagpapabuti. Sa bahaging disenyo nakapaloob ang paglikha ng pangunahing balangkas ng gagawing kagamitan batay sa implikasyong nakuha. Mula sa disenyong nabuo, nakapaloob ang debelopment sa produksyon ng mga grapikong babasahin na magagamit sa pagsasanay ng pagbasa ng mga mag-aaral at mapa-validate ang mga ito sa mga dalubguro sa Filipino, gayundin sa mga gurong maalam sa Information and Communication Technology (ICT).

### Mga Respondente

Makikita sa bahaging ito ang isinagawang pagsusuri sa pangangailangan ng napiling paaralan (partner organization) para sa proyektong pananaliksik na ito. Upang maging respondente ng pag-aaral, pinili ng mga mananaliksik 30 mag-aaral sa ikapitong baitang ng Pambansang Paaralang Pansekondarya ng Carolina. Katulad ng makikita sa Talahanayan 1, 24 o 47% ng mga mag-aaral ay kababaihan samantalang ang 16 o 53% naman ay kalalakihan.

**Talahanayan 1: Distribusyon ng mga Respondente**

| Kasarian ng Mag-aaral | Bilang ng Mag-aaral | Bahagdan |
|---|---|---|
| **Babae** | 14 | 47% |
| **Lalaki** | 16 | 53% |
| **Kabuuan** | **30** | **100%** |

### Instrumento

Sa pag-aaral na ito, kinasangkapan ang mga tiyak na instrumento upang maisakatuparan ang bawat proseso at hakbang na kinakailangan. Kinabibilangan ito ng mga sumusunod:

- **Mga Babasahin at Pagtataya mula sa Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI)**. Mula sa mga kasangkapang ginagamit ng Phil-IRI sa ikapitong baitang, pipili ng walong babasahing pagbabatayan ng lilikhaing grapikong babasahin kabilang ang mga kalakip na pagtataya.
- **Canva**. Magsisilbing graphic design tool ang Canva sa pagbuo ng mga grapikong babasahin.
- **Guidelines and Processes for LRMDS Assessment & Evaluation**. Gagamitin mga pamantayang nakapaloob sa Learning Resource Management & Development System (LRMDS) sa pagpapavalidate ng mga nabuong grapikong babasahin.

### Pangangalap ng Datos

Bilang pangunahing hakbang sa pangangalap ng datos, nagpadala ng *Memorandum of Agreement* (MOA) ang mga mananaliksik sa punong guro ng Pambansang Paaralang Pansekondarya ng Carolina upang humingi ng pahintulot kaugnay ng pagdaraos ng pananaliksik.

Upang malaman ang kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, kinasangkapan ng mga mananaliksik ang *Rapid Literacy Assessment* (RLA) sa Filipino. Isinagawa ito sa isang seksyon ng baitang 7 na kinapapalooban ng 30 mag-aaral. Sa bahaging ito tinukoy ang mga mag-aaral na nasa antas na *established, emerging, coping,* at *deficit* sa pagbabasa batay sa pamantayan ng RLA.

Mula sa nakuhang datos, bumuo ang mga mananaliksik ng alternatibong kagamitan sa pagbasa na angkop sa baitang 7. Matapos itong malikha, ipinasuri ito sa dalawang dalubguro sa Filipino at isang guro sa *Information*


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Google Scholar
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

*Communication Technology* (ICT) para sa antas ng pagtanggap. Sa ganitong paraan, natukoy ang mga bahaging dapat pang linangin sa alternatibong kagamitan.

**Kagamitang Pang-estadistika**

Sa pagsasagawa ng quantitative na pagdulog sa analisis ng datos na nakalap, kinasangkapan ang frequency at weighted mean bilang mga pangunahing kagamitang pang-estadistika.

Ginamit ang frequency sa pagkuha sa bilang ng mga respondenteng mag-aaral batay sa mga itinalagang pamantayan. Upang makompyut naman ang numerikal na pidbak ng mga dalubguro sa isinagawang validation ng nabuong grapikong babasahin, kinasangkapan naman ang *weighted mean*. Ginamit din ito sa pagsusuri sa naging ebalwasyon sa nabuong alternatibong kagamitan. Upang magkaroon ng tekstuwal na pagpapakahulugan ang numerikal na pidbak mula sa mga respondente (weighted mean), nagtalaga rin ng interpretasyon batay rito na makikita sa Talahanayan 2. Makikita rito na nangangahulugang labis na katanggap-tanggap kapag ang nakuhang weighted mean ay nasa pagitan ng 3.26 hanggang 4.00, katanggap-tanggap naman kapag 2.51 hanggang 3.25, hindi gaanong katanggap-tanggap kapag 1.76 hanggang 2.50, at hindi katanggap-tanggap naman kapag 1.00 hanggang 1.75.

**Talahanayan 2: Nakatalagang interpretasyon batay sa nakuhang weighted mean**

| ***Weighted Mean*** | **Interpretasyon** |
|---|---|
| 3.26 - 4.00 | Labis na Katanggap-tanggap |
| 2.51 - 3.25 | Katanggap-tanggap |
| 1.76 - 2.50 | Hindi Gaanong Katanggap-tanggap |
| 1.00 - 1.75 | Hindi Katanggap-tanggap |

**Analisis ng Datos**

Sa presentasyon ng mga datos, unang kinasangkapan ang quantitative na pagdulog sa pagsusuri sa implikasyon ng numerikal na datos na nakalap tuon sa kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Nakabatay ito sa resulta ng isinagawang pagtataya sa pamamagitan ng instrumentong nakapaloob sa Rapid Literacy Assessment (RLA). Mula sa numerikal na datos na ito, sinuri ng mga mananaliksik ang mga pangangailangang dapat mapunan sa konteksto ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ginamit din ang dulog na ito sa pagsusuri sa resulta ng validation sa nabuong grapikong kagamitan batay sa istandardisadong pamantayan. Bukod dito, ginamit din ang dulog qualitative sa paglalarawan sa nabuong grapikong kagamitan bilang pagtugon sa pangangailangang napag-alaman.

**Etikal na Konsiderasyon**

Pinahahalagahan ng mga mananaliksik ang makatuwirang pagsasagawa ng pananaliksik. Dahil dito, isinagawa ang mga partikular na hakbang upang maisaalang-alang ang aspektong etikal. Nagpadala ang mga mananaliksik ng *Memorandum of Agreement* (MOA) sa punong guro ng Pambansang Paaralang Pansenkodarya ng Carolina upang humingi ng pahintulot kaugnay ng pagdaraos ng pananaliksik. Nakasaad sa naturang dokumento ang pangangalaga sa mga datos na kinasasangkutan ng paaralan na kinailangan sa pag-aaral. Bukod dito, nagtalaga rin ng *code* sa mga mag-aaral na kalahok upang mapangalagaan ang kanilang personal na impormasyon. Nagpadala naman ng liham pahintulot sa mga gurong itinalaga bilang tagapagsuri ng antas ng pagtanggap ng nabuong alternatibong kagamitan.

**RESULTA AT PAGTALAKAY**

Tinalakay sa bahaging ito ang naging resulta ng pagsisiyasat sa pangangailangan ng mga mag-aaral, dokumentasyon ng pagdebelop ng alterrnatibong kagamitan, at resulta ng ebalwasyon.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Implikasyon ng Nakuhang Datos mula sa Resulta ng *Rapid Literacy Assessment* (RLA) sa Kalagayang Pangkasanayan ng mga Mag-aaral sa Pagbabasa**

Sa pamamagitan ng instrumentong ginagamit sa *Rapid Literacy Assessment (RLA)*, inalam ng mga mananaliksik ang kasalukuyang lebel ng pagbasa ng mga respondenteng mag-aaral. Makikita sa Talahanayan na mayroong 47% ng mga mag-aaral ang nasa *established* na lebel, 40% ang nasa *emerging*, at 13% naman ang nasa *coping*. Wala naman. Walang mag-aaral ang nasa *deficit* na lebel.

**Talahanayan 3: Antas ng Pagbasa ng mga Mag-aaral batay sa RLA**

| Lebel ng Pagbasa | Bilang ng Mag-aaral | Bahagdan |
|---|---|---|
| *Established* | 14 | 47% |
| *Emerging* | 12 | 40% |
| *Coping* | 4 | 13% |
| *Deficit* | 0 | 0% |
| **Kabuuan** | 30 | 100% |

Batay sa pamantayan at panuntunan ng RLA, ang mga sumusunod ang interpretasyon ng bawat lebel:

- ***Established***. Mga mag-aaral na wasto at dagliang nakababasa ng 80% ng bilang ng mga salita.
- ***Emerging***. Mga mag-aaral na wasto at dagliang nakababasa ng 50% ng bilang ng mga salita.
- ***Coping***. Mga mag-aaral na wasto at dagliang nakababasa ng 30% ng bilang ng mga salita.
- ***Deficit***. Mga mag-aaral na nakababasa ng mas mababa sa 30% ng bilang ng mga salita.

Mula sa datos na ito, mabubuo bilang implikasyon na antas na *Established* ang 47% o karamihan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Kung gayon, wasto at dagliang nababasa nila ang 80% ng mga salitang pangnilalaman. Nasa *Emerging* naman ang 40% ng mga mag-aaral na nangangahulugang 50% ng mga salitang pangnilalaman ang wasto at daglian nilang nababasa. Ang natitirang 13% ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral ay nasa antas na *Coping*. Ibig sabihin, 30% lamang ng mga salitang pangnilalaman ang kanilang nababasa ng wasto at daglian. Walang mag-aaral ang naihanay sa antas na *Deficit.*

Kung bibigyan ito ng interpretasyon, bagamat nasa parehong baitang ang mga mag-aaral nagkakaiba ang kanilang antas ng kasanayan sa pagbasa batay sa rubrik ng pag-iskor mula sa *RLA*. Dahil 87% ng mga mag-aaral ang nasa lebel na *Established* at *Emerging*, nangangahulugan itong nasa pagitan ng mataas at bahagyang mataas ang kanilang kasanayan sa mga mag-aaral. Bagamit nakararami ang mga mag-aaral na may ideyal na kasanayan sa pagbasa, mayroon pa ring 13% na nasa antas na *Coping*. Kung gayon mayroon pa ring espisipikong bilang ng mga mag-aaral na nangangailangan na masinsinang pagsasanay sa pagbasa gayong mahalagang bahagi ito ng makrong kasanayang pangwika. Tumutugma ito sa kinalabasan ng pananaliksik nina Abejuela et al. (2023) na nakapagsaad na higit na marami ang mga mag-aaral sa sekondarya na nasa antas na *instructional* kung pagbabatayan ang pamantayan ng *Philippine Informal Reading Inventory* (Phil-IRI). Kung gayon, nakapagbabasa sila sa gabay ng mga guro. Bukod dito, mayroon ding mga naitala na hindi nakapagbabasa sa antas sekondarya.

Dahil sa pagkakaiba ng antas ng mga mag-aaral, siniyasat din ng mga mananaliksik ang mga salik na maaaring nakaaapekto sa kalagayang pangkasanayan, gayundin sa pagsasanay nila sa pagbabasa. Makikita sa Talahanayan ang kabuuan ng mga salik na natukoy.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Talahanayan 4: Mga Salik na Nakakaapekto sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**

| Mga Nakakaapekto sa Pagbasa | *Weighted Average (Wm)* | Interpretasyon | Ranggo |
|---|---|---|---|
| **Personal Na Aspekto** | | | |
| A. Interes sa Pagbabasa | 4.3 | Palagi | 1 |
| B. Ibang prioridad (hal: paglalaro) | 4.26 | Palagi | 2 |
| C.Biyolohikal na kakulangan(biological deficiencies) | 1.03 | Hindi | 3 |
| **KABUUAN** | **3.196** | **Minsan** | |
| | | | |
| **Pangkapaligirang Aspekto** | | | |
| A. Hindi kaaya-ayang lugar ng pagkatuto | 3.7 | Madalas | 1 |
| b. Kakulangan sa paggabay | 3.433 | Madalas | 2 |
| c. Nakataas na gawain sa bata | 3.233 | Minsan | 3 |
| **KABUUAN** | **3.45** | **Madalas** | |
| | | | |
| **Kagamitang Aspekto** | | | |
| Kakulangan sa babasahin | 2.9 | Bihira | 1 |
| Suplementaryong panteknolohiya | 2.333 | Bihira | 2 |
| **KABUUAN** | **2.62** | **Minsan** | |

Pananda:
4.21-5.00 Palagi
3.41-4.20 Madalas
3 2.61-3.40 Minsan
1.81-2.60 Bihira
1.00-1.80 Hindi

Ipinapakita ng Talahanayan 4 ang mga suliranin kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagbasa alinsunod sa eskala na 5 hanggang 1 na may deskripsyon na Palagi, Madalas, Minsan, Bihira at Hindi.Ito ay ginamit sa ibinigay na tugon ng tatlumpong (30) mag-aaral mula sa ika-7 baitang. Batay sa resulta ng pangangalap ng datos sa pamamagitan ng ginawang talatanungan. Ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagbasa ay nababatay sa tatlong aspekto: (a) Personal, (b) Pangkapaligiran, at (c)Kagamitan.

Lumabas sa personal na aspekto na ang personal na interes ng mag-aaral ang pinakanakakaapekto na may *general weighted average* na 4.3 sumunod ang pagkakaroon ng ibang prioyoridad ng bata na may *general weighted average* na 4.26 at ang panghuli ay ang biyolohikal na kakulangan na may general weighted average na 1.03. Sumasang-ayon ito sa kongklusyon ng pag-aaral ni Ahmadi (2017) na nagsaad na makabuluhan ang impak ng motibasyon o interes ng mga mag-aaral sa perpormans nito sa pagbasa, gayundin sa komprehensyon.

Sa kapaligirang aspeto naman ipinapakita na ang may pinakamataas na nakakaapekto sa pagbasa ng mag-aaral ay ang hindi pagkakaroon ng kaaya-ayang lugar ng pagkatuto na may *general weighted average* na 3.7 sumunod ang kakulangan sa paggabay na may *general weighted average* na 3.43 at ang paghuli ay ang pagkakaroon ng mga



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035


Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

nakaatas na gawain sa bata na may *general weighted average* na 3.23. Mula sa pag-aaral nina Çiğdemir at Akyol (2017), napatunayan ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng perpormans ng mag-aaral sa pagbasang may pag-unawa at sa mga pangkapaligirang salik. Binigyang-diin sa pananaliksik ang mga salik tulad ng kalagayang pangkabuhayan ng pamilya, kalagayang pisikal ng paaralan, at gawi ng pagganyak ng mga guro.

Sa aspektong pangkagamitan, ipinapakita naman sa nakalap na datos na ang pinakasuliranin ng mag-aaral na nakakaapekto sa kanilang pagbabasa ay ang kakulangan sa mga aktwal na babasahin na may *general weighted average* na 2.9 at sumunod ang kakulangan sa suplementaryong panteknolohiya na may *general weighted average* na 2.62. Sa ulat ni Batallones (2024) sa ABS-CBN News nailahad na malaking salik ang mga kakulangan ng kasangkapang ginagamit sa suliranin ng bansa kaugnay ng literasi ng mga mag-aaral. Binanggit din sa ulat na ito ang naisaad ni *The Second Congressional Commission on Education* (EDCOM2) Executive Director Karol Yee na nagbubunsod ng hindi pagkakapantay-pantay sa pag-*access* ng kalidad na edukasyon ang kakulangan ng mga kagamitan. Sumasang-ayon din dito ang ulat ni Magsambol (2024) mula sa *Rappler* na isa ang kakulangan sa mga *resources* na pang-edukasyon sa mga pangunahing salik kung bakit nahuhuli ang Pilipinas sa ebalwasyon ng PISA. Binigyang-diin sa artikulong ito ang binanggit ni Justine Raagas ng Philippine Business for Education na 3% hanggang 4% lamang ng *gross national product* (GNP) ang nailalaan para sa pangangailangan ng sektor ng edukasyon sa kabila ng pagkakaroon ng 6% bilang *global standard.*

Sa pangkalahatan, ipinapakita sa resulta ng datos na higit na nakakaapekto ang suliranin sa personal na aspeto na nasa unang ranggo na may *general weighted average* na 3.45, sumunod ang pangkaligirang aspeto na nasa ikalawang ranggo na may 3.196 wm at panghuli ang suliranin sa kagamitang aspeto na may *general weighted average* na 2.62.




**Pigura 1: Pahinang Pangharap ng AKAP**

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Nabuong Kagamitang Digital tungo sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral**


Mula sa naging implikasyon ng pagsusuri sa pangangailangan batay sa resulta ng RLA sa mga mag-aaral ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Carolina, bumuo ang mga mananaliksik ng isang alternatibong kagamitan sa mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na nakalaan para sa baitang 7. Sumusuporta ito sa naging rekomendasyon ng pananaliksik nina Tomas et al. (2021) kung saan binigyang-diin ang pagkakaroon ng inisyatiba ng mga paaralan sa pagdaraos ng mga kontekstuwalisadong programa upang malinang ang literasi sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sa parehong pananaliksik iminungkahi ang pagdebelop ng mga programa at gawaing pampagsasanay para sa pagbasa. Binigyang-diin sa pag-aaral ang pangangailangan sa mga espisipikong kompetensi sa pagbasa tulad ng: (a) palabigkasan at kamalayang ponolohikal (*phonics and phonological awareness*), (b) katatasan, (c)bokabularyo, at (d) komprehensiyon. Nakapokus sa mga kompetensing ito ang mga gawaing pampagsasanay na nakapaloob sa nabuong alternatibong kagamitan.

Ang nabuong alternatibong kagamitan ay pinamagatang "AKAP: Alternatibong Kagamitan sa Pag-Agapay sa Pagbasa". Katulad ng makikita sa Pigura 1 binubuo ito ng mga babasahing salig sa *Philippine Informal Reading Inventory* (Phil-IRI). Dahil kinapalooban ito ng iba't ibang gawain, nilikha ito sa anyo ng kalipunan ng mga modyul.

Sa pamamagitan ng *graphic design website* na *Canva*, nilapatan ng grapiko ng mga mananaliksik ang mga babasahin mula sa Phil-IRI.

Batay sa mga babasahing halaw sa Phil-IRI, nagdisenyo ang mga mananaliksik ng iba't ibang gawaing pampagsasanay batay sa mga espisipikong kompetensi na binanggit sa pag-aaral nina Tomas et al. (2021). Kinabibilangan ito ng palabigkasan at kamalayang ponolohikal (*phonics and phonological awareness*), katatasan, bokabularyo, at komprehensiyon.


AKAP
Alternatibong Kagamitan tungo sa Pag-Agapay sa Pagbasa

MODYUL 1

**Akapin ang Pagbasa!**
Sa gabay ng iyong guro, basahin nang malakas ang maikling sanaysay sa ibaba.

**Pagpapala sa Pangingisda**

Ang ating bansa ay napaliligiran ng malawak na karagatan. Sagana ito sa iba't ibang uri ng isda. Kaya marami sa mga Pilipino ay pangingisda ang ikinabubuhay.

Sa pakikipagtulungan ng mga pribadong kumpanya ng pangingisda, ang ating pamahalaan ay nag-eeksport sa Hongkong at Taiwan. Iba't ibang uri ng isda ang dinadala natin sa mga bansang ito tulad ng tuna at lapu-lapu. Malaki ang naitutulong nito sa hanapbuhay ng ating mga mangingisda. Subalit ang kasaganahang ito ay malimit na inaabuso. May mga mangingisdang gumagamit ng mga pampasabog at lasong kemikal para makahuli ng maraming isda. Namamatay ang maliliit na isda na dapat sana ay lumaki at dumami pa. Ang iba naman ay sinisira ang mga *coral reefs* na tirahan ng mga isda.

Ang Kagawaran ng Agrikultura sa pangunguna ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)* ay patuloy na gumagawa ng mga hakbang para masugpo ang mga mangingisdang lumalabag sa batas pagdating sa paraan ng pangingisda. Ang BFAR ay nagsasagawa ng mga proyekto na magpapaunlad sa produksyon ng isda. Kasama rito ang pagbabawal ng pangingisda na nakasisira sa *coral reefs*, ang pagbubuo ng mga *artificial reefs*, at pagmo*monitor* ng *red tide* sa iba't ibang karagatan sa buong bansa. Malaking bahagi ng ekonomiya ang nagbubuhat sa sektor ng mga mangingisda. Maraming tao rin ang nakikinabang sa pagtatrabaho sa industriya ng pangingisda tulad ng *fish marketing*, *fish processing*, *net making*, *boat-building* at *fish trading*. Ito ang mga dahilan kung bakit kailangang alagaan ang industriyang ito.

2

**Pigura 2: "Akapin ang Pagbasa!"**



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181
RUN RESEARCHERS RUN

**Palabigkasan at Kamalayang Ponolohikal**. Tumutukoy ang palabigkasan o *phonics* sa metodo ng pagtuturo sa mga bata kung paano magbasa at magbaybay ng mga salita batay sa ugnayan ng mga titik o kombinasyon ng mga titik sa salitang tunog (Parilla et al.,2024). Sa pag-aaral nina Tomas et al. (2021) binigyang kahulugan ito bilang relasyon sa pagitan ng titik at tunog kung kaya't tinatawag ding "*alphabet principle"*. Ayon naman kay Johnson (2024) na isang *Educational Speech-Language Pathologist*, ang kamalayang ponolohikal ay ang pundasyon ng kasanayan sa pagbasa sapagkat ito ang kakayang matukoy at magamit ang mga tunog sa pagsasalita. Sa paglalapat ng kompetensing ito sa gawaing pagsasanay, idinisenyo ng mga mananaliksik ang "Akapin ang Pagbigkas" tulad ng makikita sa Pigura 3. Layuning ng gawaing itong malinang ang palabigkasan at kamalayang ponolohikal ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga piling salita. Pumili ang mga mananaliksik ng limang salita mula sa babasahin. Sa pamamagitan ng *word metamorphism*, dinagdagan ang mga salita ng iba't ibang panlapi upang makalikha ng iba pa. Halimbawa nito ang makikita sa Pigura na kung saan ang salita "gawa" ay naging "gumawa" at "gumagawa". Bukod dito, ginamitan din ng *syllabication* o pagpapantig ang mga salita upang mabanghay ang mga ito sa iba't ibang bahagi. Ayon sa artikulo ng *My Teaching Cupboard* (2016), may makabuluhang ambag ang paglinang sa kamalayan o *syllable awareness* sa pantig ng mga mag-aaral tungo sa pagpapa-unlad ng kamalayang ponolohikal. Kinapapalooban ang *syllable awareness* ng paghihiwahiwalay ng mga pantig ng isang salita at paghahabi ng mga pantig upang makabuo ng salita. Sa gawaing ito, inilagay bilang panuto ang "*Sa gabay ng iyong guro, bigkasin ang mga sumusunod na salita."* Kinakailangan ang patnubay ng guro dahil ang pagbigkas ang kailangang linangin. Mahalagang mapakinggan ng mga mag-aaral ang tamang bigkas ng mga salita mula sa mga titik at pantig nito.




**Pigura 3: "Akapin ang Pagbigkas!"**

**Katatasan**. Mayroong nakalaang limang halimbawang pangungusap mula sa mga piling salita bilang pagsasanay ng mga mag-aaral sa pagbigkas sa buong pangungusap. Nakatalaga ang mga pangungusap sa pagpapaunlad ng katatasan. Sa pag-aaral nina Tomas et al. (2021) binigyang kahulugan ang katatasan bilang kasanayan sa pagbasa na tila pagsasalita. Binigyang-diin din na ito ang kasanayan sa pagbasa nang may angkop na pagbigkas ng mga parirala, ekspresyon, at daloy. Nakalaan ang gawain upang masanay ang mga mag-aaral na magbasa ng mga pangungusap at hindi lamang sa pantig o sa salita.




ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR)

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

**Bokabularyo**. Batay kay Nordquist (2019), tumutukoy ang bokabularyo sa pagkaunawa sa kahulugan ng mga salita at sa gamit nito sa pagpapahayag. Ayon naman kay Sikri (2024), mahalagang bahagi ng kasanayan sa pagbasa at sa komprehensyon ang kakayahan sa bokabularyo. Idinagdag pa na kinapapalooban ito ng mga salitang kinakailangan sa mabisang pagpapahayag. Nabanggit sa Journal nina Delos Santos, et. al. (2024) na ayon kay Hart (2007), ang mga salik na nagbibigay-malay na nakakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa ay ang kanilang unang kaalaman, bokabularyo, katatasan, aktibong pagbasa, at kritikal na pag-iisip. Ipinaliwanag niya na sa pagsisikap na maunawaan ang isang teksto, umaasa ang mga mag-aaral sa kanilang unang kaalaman upang maiugnay ang alam na nila sa tekstong kanilang binabasa. Ang mga mag-aaral ay dapat na maunawaan ang isang pamilyar na salita at ang kaugnayan nito sa iba pang mga salita sa loob ng isang teksto, ang pag-master ng bokabularyo ay kinabibilangan ng pagkilala sa bahagi ng pananalita ng isang salita, kahulugan, kapaki-pakinabang na mga pahiwatig sa konteksto, at kung paano ito gumagana sa isang pangungusap at ang mga diskarte sa bokabularyo na iyon ay makatutulong na mapabuti ang pag-unawa. Para sa kompetensing ito, idinisenyo ng mga mananaliksik ang gawaing "Akapin ang Kahulugan" tulad ng makikita sa Pigura 4. Kinasangkapan dito ang pagtatapat-tapat o *matching type* na uri ng pagtataya. Pumili ang mga mananaliksik ng sampung salita mula sa babasahin. Inilagay ang mga ito sa Kolum A. Sa Kolum B naman nakahanay ang mga kahulugan ng mga salita na mula sa Diksyunaryong Filipino. Kailangang ilagay ng mga mag-aaral sa patlang sa Kolum A ang titik ng angkop na kahulugan ng mga salita.




**Pigura 4: "Akapin ang Kahulugan!"**

**Komprehensiyon**. Sa bawat modyul na bahagi ng kagamitan, ang huling bahagi ay ang "Akapin ang Pag-unawa". Naglalaman ito ng mga katanungang susukat sa pag-unawa o komprehensyon ng mga mag-aaral sa kanilang binasang teksto. Ayon kay Brandon (2021), tumutukoy ang komprehensiyon sa maka-unawa ng mga nakasulat na salita. Binigyang kahulugan naman ito nina Zimmerman at Hutchins (2003) bilang kasanayang bumasa ng teksto, magproseso, at maunawaan ang kahulugan nito. Sa konteksto ng alternatibong kagamitan, hinalaw ang mga katanungang ito sa nilalaman ng Phil-IRI katulad ng makikita sa Pigura 5. Batay sa manwal ng Phil-IRI (2018), binubo ang mga katanungan ng tatlong kategorisasyon: (a) *Literal*, (b) *Inferential*, at (c) *Critical*. Nakapaloob sa *Literal* ang mga katanungang dagliang nakatala sa teksto ang mga kasagutan. *Inferential* naman ang mga katanungang hindi direktang nakasaad sa teksto. Nangangailangan ito ng pag-uugnay ng dating kaalaman at ng impormasyong




ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

nakapaloob sa binabasa. Maaaring mailapat dito ang kaalaman ng mag-aaral sa bokabularyo kung hinahanap ang kahulugan ng salita batay sa mga kontekstuwal na pahiwatig *(context clues).* Ang mga katanungang nasa *critical* naman ay ang mga nangangailangan ng pagsusuri, pagbubuod, at pagpapasiya batay sa ideyang inilantad ng manunulat.



**Alternatibong Kagamitan tungo sa Pag-Agapay sa Pagbasa**

**MODYUL 1**

**Akapin ang Pag-unawa!**

Piliin ang titik ng tamang sagot.

**1. Ano-anong isda ang ipinapadala sa ibang bansa?**
a. dilis at tawilis
b. tilapia at bangus
c. tuna at lapu-lapu
d. galunggong at bisugo

**2. Alin sa sumusunod ang paraan ng pangingisda na ipinagbabawal?**
a. pamimingwit
b. paggamit ng lambat
c. ang paraang pagbubuslo
d. paggamit ng pampasabog

**3. Anong tanggapan ang nangunguna sa pagsugpo sa labag na batas na paraan ng pangingisda?**
a. *Bureau of Food and Drug*
b. *Metro Manila Development Authority*
c. *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources*
d. *Department of Energy and Natural Resources*

**4. Bakit maraming Pilipinong may hanapbuhay na pangingisda?**
a. Magaling lumangoy ang mga Pilipino.
b. Maraming hindi nais magtrabaho sa taniman.
c. Walang ibang makuhang trabaho ang mga Pilipino.
d. Napaliligiran ng malawak na karagatan ang Pilipinas.

**5. Ano kaya ang masamang epekto ng paggamit ng pampasabog at lason sa pangingisda sa tao?**
a. Natatakot ang mga isda.
b. Hindi na lumalaki ang mga isda.
c. Wala nang makakaing isda ang mga tao.
d. Namamatay ang maliliit at batang isda.

**6. Ano ang maaaring mangyari kung hindi ipagbawal ang maling paraan ng pangingisda?**
a. Mauubos ang mga isda sa dagat.
b. Mawawalan ng hanapbuhay ang mga mangingisda. c. Matatakot na gumamit ng pampasabog ang mga tao.
d. Maraming gagamit ng tamang paraan ng pangingisda.

**7. Anong ugali ang ipinakikita ng mga mangingisdang patuloy na gumagamit ng maling paraan ng pangingisda?**
a. mahilig sa gulo
b. matigas ang ulo
c. malikhain sa trabaho
d. masipag maghanapbuhay

**8. Ano ang layunin ng manunulat ng seleksyon? Nais ng manunulat na ______________.**
a. ipagmalaki ang Pilipinas bilang isang mayamang bansa
b. makilala ang Pilipinas bilang magandang pinagkukunan ng isda
c. ipaubaya sa pamahalaan ang pag-aalaga sa mga katubigan ng bansa
d. malaman ng tao na sa bawat gawain ay may kaakibat na responsibilidad

4

**Pigura 5: "Akapin ang Pag-unawa!"**

**Resulta ng Ebalwasyon sa Nabuong Alternatibong Kagamitan**

Matapos mabuo ang alternatibong kagamitan, nagsagawa ng balidasyon o ebalwasyon ang mga mananaliksik. Ipina-*validate* ang AKAP sa tatlong guro - dalawang dalubguro sa Filipino at isang guro sa *Information and Communication Technology* (ICT). Itinalaga ang mga *validator* o *evaluator* upang masiyasat ang nilalaman at disenyo ng alternatibong kagamitan. Kinasangkapan sa prosesong ito ang pamantayan ng ebalwasyon sa *Learning Resource*



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

*Management & Development System* (LRMDS) ng Kagawaran ng Edukasyon. Nahahati sa apat na pamantayan ang kasangkapang ginamit sa balidasyon ng nabuong kagamitan. Binubuo ito ng *Content* (Nilalaman), *Format* (Pormat), *Presentation & Organisasyon* (Presentasyon at Organisasyon), *Accurateness and Up-to-dateness of the Information* (Pagiging Wasto at Napapanahon ng mga Impormasyon). Naglalaman din ang bawat pamantayan ng iba't ibang deskripsiyon upang masiyasat ang bawat anggulo ng kagamitan.

| **Mga Pamantayan** | ***Weighted Mean*** | | | | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Hurado A** | **Hurado B** | **Hurado C** | **Kabuuan** | |
| *Content* (Nilalaman) | 3.86 | 4.14 | 3.88 | 3.96 | Labis na Katanggap-tanggap |
| *Format* (Pormat) | 3.94 | 3.88 | 3.86 | 3.89 | Labis na Katanggap-tanggap |
| *Presentation & Organisasyon* (Presentasyon at Organisasyon) | 4.00 | 3.80 | 4.00 | 3.93 | Labis na Katanggap-tanggap |
| *Accurateness and Up-to-dateness of the Information* (Pagiging Wasto at Napapanahon ng mga Impormasyon) | 3.67 | 4.00 | 4.00 | 3.89 | Labis na Katanggap-tanggap |

**Talahanayan 4: Resulta ng Ebalwasyon**

Batay sa naging resulta ng ebalwasyon na makikita sa Talahanayan 4 ang *weighted mean* ng mga ibinigay na iskor sa bawat pamantayan. Para sa nilalaman, 3.96 ang kabuuan ng *weighted mean*, 3.89 para sa pormat, 3.93 para sa presentasyon at organisasyon, at 3.89 naman para sa pagiging wasto at napapanahon ng mga impormasyon. Lahat ng *weighted mean* ng mga iskor mula sa apat na pamantayan ay pasok sa interpretasyong labis na katanggap-tanggap.

**Kongklusyon**

Sa pagsisiyasat ng mga mananaliksik sa naging resulta RLA sa 30 mag-aaral sa baitang 7 ng Pambansang Paaralang Pansekondarya ng Carolina, napag-alamang iba't iba antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Bagamat karamihan sa mga sinuring mag-aaral ay nakitang may sapat na kakayahan sa pagbasa, mayroon pa ring ilang nakararanas ng suliranin sa pagbasa. Siniyasat din ng mga mananaliksik ang iba't ibang salik nakaapekto sa kalagayang pangkasanayan ng mga mag-aaral. Pinangunahan ang mga salik ng personal na aspekto tulad ng kawalan ng interes sa pagbabasa at ibang prayoridad. Sinundan naman ito ng mga pangkapaligirang aspekto katulad ng hindi kaaya-ayang lugar sa pagkatuto, kakulangan sa paggabay, at ibang gawaing nakaatas sa mga mag-aaral. Batay sa mga tugon ng mga respondente, hindi gaanong nakaapekto ang kagamitang aspekto tulad ng kakulangan sa babasahin at suplementaryong panteknolohiya. Naging saligan ang resulta ng pagsusuri sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagdebelop ng isang alternatibong kagamitan para sa pagbasa. Batay rito, nabuo ng mga mananaliksik ang "AKAP: Alternatibong Kagamitan tungo sa Pag-Agapay sa Pagbasa". Kinapapalooban ito ng mga babasahing halaw sa Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI). Lumikha ang mga mananaliksik ng iba't ibang gawaing pampagsasanay na nakapokus sa kamalayang ponolohikal, katatasan, bokabularyo, at komprehensyon. Ito ay upang magkaroon ang kagamitan ng iba't ibang komponent na nakasalig sa iba't ibang partikular na kompetensi sa pagbasa. Ayon sa


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

isinagawang ebalwasyon sa nabuong alternatibong kasangkapan ng tatlong guro, lumabas na labis na katanggap-tanggap ang nagging resulta ng balidasyon.

**Rekomendasyon**

Batay sa mga naging resulta at kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na mungkahi para sa mga kaugnay na rekomendasyon.

- Mahalagang magkaroon ng inisyatiba ang bawat paaralan na siyasatin ang pangangailangan ng mga mag-aaral kaugnay ng kanilang kalagayang kasanayan sa pagbasa. Sa ganitong paraan, masusuri ang kontekstwalisadong estado at pangangailangan ng mga mag-aaral sa mas maliliit na yunit.
- Bukod sa kalagayang pangkasanayan, mahalagang maunawaan din ang mga espisipikong salik na nakaapekto sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Sa ganitong paraan, masisiyasat din ang iba pang aspektong maaaring may impluwensiya sa mga mag-aaral bukod sa mga mayroong kaugnayan sa akademiko.
- Batay sa mga napag-alamang kalagayang pangkasanayan at salik, makabubuti ang paglikha ng kontekstwalisadong programang interbensiyon o materyal upang umangkop sa mga partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral.
- Mahalagang makapagsagawa ng implementasyon sa nabuong kagamitan sa mga target na benepisyaryo upang masiyasat din ang kabisaan nito sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Bukod dito, magiging daan din ito upang higit na masuri ang kagamitan mula sa perspektibo ng mga mag-aaral at mapalinang pa ang mga komponent nito.

**MGA SANGGUNIAN**

Abejuela, H.J., Akut, K., Balane, C., Del Rosario, A.S. (2023). *Assessment of the Reading Curriculum in Basic Education in the Philippines Context*. International Journal of Language Education. Volume 7, pp. 26-45 https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1386147.pdf

Ahmadi, M.R. (2016). *The Impact of Motivation on Reading Comprehension*. International Journal of Research in English Education. Volume 2, pp. 1-7 https://ijreeonline.com/article-1-35-en.pdf

Batallones, J. (2024). *Lack of textbooks, untrained teachers highlight PH education issues, according to study*. ABS-CBN News https://news.abs-cbn.com/news/2024/3/19/lack-of-textbooks-and-untrained-teachers-highlight-ph-education-issues-study-2102

Brandon D. (2021). *The Importance of Reading Comprehension*. Alabama Cooperative Extension System

Cigdemir, S & Akyol H. (2022). *The Relationship Between Environmental Factors and Reading Comprehension*. International Journal of Progressive Education. Volume 18. pp. 150-165 https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1351925.pdf

Delos Santos, L., Garingalao, A., Mariano, J., Najam, H., Ladao, Corazon (2024). *Mga Salik na Nakaaapekto sa Antas ng Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Junior High School*. American Journal of Humanities and Social Sciences Research. Volume 8, pp 130-140 https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2024/03/N24803130140.pdf

Idulog, M.V., Gadiano, R. Toledo, E., Hermosada, M., Casaldon, H., Mariposa, M., Geron, C., Dequito, E., Genanda, J.

ETCOR Educational Research Center Inc.
SEC Reg. No. 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Malipot, M., Pentang, J., & Bautista, R. (2023). *Filipino Students' Reading Abilities: A Note on the Challenges and Potential Areas for Improvement.* International Journal of Education and Teaching Zone. Volume 2, pp 233-242 https://www.researchgate.net/publication/371470260_Filipino_Students'_Reading_Abilities_A_Note_on_the_Challenges_and_Potential_Areas_for_Improvement

Johnson, K. (2024). *What is phonological awareness? Understood.* https://www.understood.org/en/articles/phonological-awareness-what-it-is-and-how-it-works

Lucas, R. I., Cordell II, M. O., Teves, J. M., Yap, S. A., & Bernardo, A. B. (2021). *Addressing the Poor Reading Performance of Filipino Learners: Beyond Curricular and Instructional Interventions*. Animo Repository. De La Salle University https://animorepository.dlsu.edu.ph/cgi/viewcontent.cgi?params=/context/res_aki/article/1099/&path_info=Addressing_the_poor_reading_performance_of_Filipino_learners.pdf

Magsambol, B. (2024). *Why Filipino students performed poorly in global learning assessments.* Rappler https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/why-filipino-students-lagging-behind-global-assessments-tests/

My Teaching Cupboard (2016). *Teaching phonological awareness and phonemic awareness* https://www.myteachingcupboard.com/blog/explicit-teaching/teaching-phonological-awareness-syllables-and-phonemic-awareness

Nordquist, R. (2019). *What is Vocabulary in Grammar?*. ThoughtCo. https://www.thoughtco.com/vocabulary-definition-1692597

Parrila, R., Castles, A., & Kohnen, S. (2024). *What is phonics and why is it used to teach reading?* The Conversation. https://theconversation.com/what-is-phonics-and-why-is-it-used-to-teach-reading-232593

Peck, D. (2024). *What is the ADDIE Model of Instructional Design? 2024 Guide* https://www.devlinpeck.com/content/addie-instructional-design

Sikri, F. (2024). *Vocabulary and types of vocabulary*. Vedantu. https://www.vedantu.com/commerce/vocabulary-and-types-of-vocabulary

Study International Staff. (2019). PISA 2018 results show that reading skills must be improved worldwide. Study International. https://studyinternational.com/news/pisa-2018-reading-skills-improve-worldwide/

Tomas, M. J. L., Villaros, E. T., & Galman, S. M. A. (2021). *The perceived challenges in reading of learners: Basis for school reading programs*. Open Journal of Social Sciences, 9(5), 107-122. https://www.scirp.org/journal/paperinformation?paperid=109033

Zimmermann, S & Hutchins, C (2003). *7 keys to Comprehension*. New York Three Rivers Press.